

Halal, target paunlarin ng DOST-ARMM

Ni Romelie Janelle Maranan
S&T Media Service, DOST-STII

Hangad ng Department of Science and Technology-Autonomous Region of Muslim Mindanao (DOST-ARMM) na makibahagi ang rehiyon sa bilyun-bilyong global industry ng Halal kaya naman idinaos sa Cotabato City ang kauna-unahang Halal Congress kasabay ng pagdiriwang ng Science and Technology Week sa nasabing rehiyon.

Ang pagtitipon ay pinangunahan ng DOST-ARMM na dinaluhan naman ng mga kalahok mula sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan, pribadong indibidwal, mga negosyante, at ilang dignitary mula sa bansang Malaysia.

Layunin nito na maipaalam sa mga mamumuhunan ang malaking potensyal sa nasabing industriya na makapagbibigay ng hanap-buhay sa mga mamamayan ng ARMM at sa rehiyon ng Mindanao. Ayon kay Mindanao Development Authority chairperson Luwalhati Ricasa Antonino, mahalagang mapag-usapan ang kinabukasan ng ARMM at ang bahagi nito sa pagpapaunlad ng rehiyon ng Mindanao at ang bansa sa pamamagitan ng industriya ng Halal.

"What makes this gathering exciting is the fact that we are preparing the country's Halal industry in line with the on-going preparation

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Produksyon ng brown rice, inaasahang tataas dahil sa compact rice mill ng DOST.....	p3
STARBOOKS ng DOST, palalawakin ang 'Library Hub' ng Batangas.....	p3
TuklaSiyensya	p4
Larawanews	p4

Rice sufficiency, target ng DOST gamit ang remote sensing technology

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII



Target ng DOST ang rice sufficiency ng bansa gamit ang remote sensing technology na isang mainam na decision-making tool para sa pamahalaan.

Target ngayon ng Department of Science and Technology (DOST) ang magkaroon ng sapat na ani ng palay ang bansa sa pamamagitan ng remote sensing technology.

Ito ang ibinahagi ni Dr. Enrico Paringit, pinuno ng Disaster Risks Exposure Assessment for Mitigation (DOST-DREAM) sa isang media conference na ginanap sa University of the Philippines Diliman kamakailan lamang. Paliwanag ni Dr. Paringit na sa pamamagitan ng remote sensing technology, ang bansa ay mayroon nang kakayahang makagawa ng imbentaryo ng mga agricultural resource at matukoy ang mga peste at sakit ng pananim bago pa man ito kumalat.

Aniya, "the El Niño phenomenon was detected using remote sensing technologies."

Ang remote sensing ay isang high-tech na pamamaraan na ginagamit upang kumalap ng mga impormasyon sa mga pananim o mga penomenon nang hindi kinakailangan na obserbahan ng malapitan. Kadalasan ang obserbasyon ay ginagawa sa pamamagitan ng mga aerial scanning ng lokasyon o sa pamamagitan ng satellite image. Wika pa ni Paringit, "we can say that remote sensing is more like feeling without touching."

Upang ito ay maging posible, ang DOST ay nagsasagawa sa kasalukuyan ng research and development para sa dalawang microsatellite

sundan sa pahina 2

Halal, target ...
Mula sa pahina 1

for the ASEAN Integration,” dagdag ni Sec. Antonino.

Iprinisinta naman ni Dr. Sirajuddin Bin Suhaimee, senior principal assistant director ng Halal Hub, JabatanKemajuan Islam Malaysia, ang global industry profile ng Halal kabilang ang istruktura at ecosystem ng industriya, ang kahalagahan nito sa global market at maging ang mga hamon at istratelihiya upang mapaunlad ito .

Samantala, ipinaliwanag naman ni Dzulki-fly Mat Hasim ng Halal Product Research Institute, University of Putra Malaysia, ang Research and Development (R&D) at Product Analysis ng Halal kung saan kanyang binigyang-diin ang kahalagahan ng R&D sa Halal authentication at certification.

Bukod rito, iniladah ni DOST Region 11 Director Anthony Sales ang Promo Banana Project, isang international Public-Private Partnership sa pagitan ng Pilipinas at Netherlands. Layunin ng nasabing proyekto na paunlarin at ipakilala ang mga teknolohiya at kaalaman na makatutulong sa pag-angat ng kakayahang analitikal sa industriya ng Philippine Banana, na siyang higit na makatutulong sa maagang pagtuklas ng pesteng Fusarium wilt o mas kilala bilang Panama disease sa mga produktong saging ng bansa.

Ipinakilala rin ni Dir. Sales ang one-stop shop laboratory service ng DOST na tinawag na OneLab Program na naglalayong

.....
Rice sufficiency ...
Mula sa pahina 1

na ipadadala sa kalawakan sa taong 2016 at 2017. Ang kauna-unahang microsatellite ay tatawaging Diwata.

Ang mga imaheng makakalap ay ipadadala sa Subic, Zambales gamit ang itatayong ground receiving station na papangalanang PEDRO o Philippine Earth Data Resources and Observation center. Ang mga datos at impormasyong matatanggap hinggil sa mga pananim ay ipoproseso at beberipikahin naman ng mga eksperto para sa nararapat na rekomendasyon na siyang ibabahagi sa mga kinauukulan.

Ang mga impormasyong makukuha dito ay mainam na decision-making tool hindi lamang para sa agrikultura, ngunit maging sa iba pang sektor kabilang ang climate change, pambansang seguridad, forest degradation, marine, at marami pang iba.



Suportado ng iba't ibang sektor sa Mindanao ang pagpapalakas ng industriya ng Halal sa ARMM. (Larawan mula kay Gerardo G. Palad, DOST-STII)

makapagbigay ng serbisyo hinggil sa chemical at microbiological test and analysis para sa mga food product sa bawat rehiyon ng bansa. Inaasahang malaki ang maitutulong ng nasabing programa sa pagpapalago ng Halal sa bansa sapagkat magiging accessible na ang mga pagsusuri sa lahat ng rehiyon ng bansa.

Sa kabilang dako naman, binigyang-pansin sa pagtitipon ang kahalagahan ng programa ng DOST sa Food Safety. Kabilang sa Food Safety Systems Development ay ang mga mahahalagang kasanayan sa Good Manufacturing Practices, Hazard Analysis and Critical Control Points at ang Food Safety Management System.

Nagsagawa rin ng paglagda sa Memorandum of Understanding (MOU)

sa pagitan nina DOST-ARMM Sec. Myra B. Mangkabung, Muslim Mindanao Halal Certification Board Incorporated Executive Director Mariam Daud at Halal International Chamber of Commerce and Industries of the Philippines President Alexander Sultan. Ang nasabing MOU ay inaasahang pagtitibayin ang pagtutulungan sa pagitan ng mga nasabing institusyon upang maitaguyod ang industriya ng Halal sa ARMM.

Sa panghuli, nais ni DOST-ARMM Sec. Mangkabung na ang Mindanao ang maging sentro ng Halal sa rehiyon. Aniya, “considering our immense resource advantage and strong Islamic heritage, development of the Halal Industry and making our region a Halal Hub is among our top goals.”

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Produksyon ng brown rice, inaasahang tataas dahil sa compact rice mill ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Upang mapalakas ang produksyon ng brown rice sa bansa, ang Department of Science and Technology- Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC) ay nagdeblop ng isang compact rice mill na sasagot sa mababang milling recovery para sa brown at well-milled rice.

Sa ginanap na pagpapakilala sa tinaguriang "retrofitted compact rice mill," ipinaliwanag ni DOST Assistant Secretary at Officer-In-Charge Robert O. Dizon na mula pa noong 2010 ay isinusulong na ng DOST ang pagkain ng brown rice dahil sa magandang epekto nito sa kalusugan.

Kumpara sa mga ordinaryong bigas, ang brown rice ay nagtataglay ng mas maraming bitamina at fiber. Ito ay nagtataglay din ng mas mababang glycemic index na mabuti sa mga taong mayroong diabetes.

Ayon kay Dizon, ang compact rice mill ay may kakayahang pataasin ang bilang ng suplay ng bigas ng hanggang 10% o 400 kilo kada hektarya dahil sa mas mataas na milling

recovery. Gamit ang NSIC Rc 216 variety, ang milling recovery para sa brown rice gamit ang retrofitted compact rice mill ay mas mataas ng 69% at anim na porsyento naman kung well-milled rice. At upang mas episyente ang nasabing makina, ito ay nilagyan lamang ng isang patong ng paddy separator upang malagyan ng paddy at rice duct.

Ang compact type ay isa sa pinakamadalas na gamitin na rice mill sa bansa. Sa pagreretrotit o paglalagay ng karagdagan materyal o accessory sa isang makinarya, ito ay nangangahulugan na hindi na kakailanganin ng mga rice miller na bumili ng panibagong makina upang makagawa ng brown rice.

Samantala, ang "multi-pass" na rice mill naman ay mayroong kakayahang magkiskis ng brown at at well-milled na palay, subalit ito ay may kamahalaan kumpara sa compact type. Dahil dito, mas praktikal kung tutuusin ang teknolohiya ng DOST-MIRDC.

Ang retrofitted compact rice mill ay nabuo sa pakikipagtulungan ng DOST-MIRDC at ng Philippine Center for Post Harvest Development

Ang retrofitted compact rice mill technology ng DOST-MIRDC at PhilMech. (Larawan mula sa PhilMech)



and Mechanization ng Department of Agriculture.

Para sa karagdagan impormasyon hinggil sa "retrofitted compact rice mill", maaaring makipag-ugnayan sa DOST-MIRDC sa (02) 837-0431 hanggang 38 o magmemail sa mirdc@mirdc.dost.gov.ph. (Impormasyon mula kay Maria Luisa Lumioan, S&T Media Service, DOST-STII)

STARBOOKS ng DOST, palalawakin ang 'Library Hub' ng Batangas

Ni Romelie Janelle Maranan
S&T Media Service, DOST-STII

Lobo, Batangas- Dahil malaki ang ma-iaambag sa pagpapalawak ng 'Library Hub' sa bayan ng Lobo, Batangas, mainit na tinanggap ng mga guro at librarian ang STARBOOKS o ang Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated Kiosk Station ng Department of Science and Technology (DOST).

Ang STARBOOKS ay ang kauna-unahang 'digital library in a box' na naglalaman ng mahigit sa 100,000 reference at research material sa science and technology (S&T) mula elementary hanggang kolehiyo nang hindi kinakailangan ng Internet connectivity. Ang stand-alone digital library ay libre at maaaring ma-access ng publiko sa mga silid-aklatang mayroong STARBOOKS kiosk. Ito ay naglalaman ng iba't ibang S&T material sa iba't ibang

format. Ito ay mayroon ding livelihood video na patok sa mga maybahay at indibidwal na nagnanais na magkaroon ng mga ideya para sa pagninegoso.

Dahil ang STARBOOKS ay isang mobile at offline information source, ito ay pasok sa konsepto ng proyektong Lobo Library Hub (LLH) na kung saan ang iba't ibang reference material ay nakalagay sa mga roll-away box na maaaring dalhin sa mga barangay ng nasabing bayan. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay hindi na kinakailangang lumuwas pa sa ibang bayan upang maghanap sa mga library ng mga rare s&t material na hindi mahahanap sa online.

"Sa tulong ng STARBOOKS, ma-accommodate ko na ang mga pangangailangan ng mga high school at iba pang researcher na bumibisita dito sa amin upang magresearch o mag-aral," ani Connie De Torres, librarian ng LLH. "Madalas, kapag pumupunta sila dito (sa library hub) ay mga encyclopedia lamang ang naibibigay ko dahil

karamihan ng mga libro namin ay pang-grade school lang."

Ayon naman kay Lobo Municipal Administrator Bergilio R. Manalo, ang STARBOOKS na ginawaran ng Presidential Citation for Innovative International Library Project ng prestihiyosong American Library Association ng Estados Unidos ay malaki ang maitutulong sa mga mag-aaral ng bayan ng Lobo. Aniya, "ang edukasyon ang susi sa matagumpay na buhay kaya naman kami ay nagpapasalamat sa DOST sa patuloy nitong pagtulong at pagsuporta."

Ang turnover at orientation ng STARBOOKS ay nagmula sa inisyatiba ng DOST Region 4A bilang bahagi ng proyektong Education and Literacy Intervention sa ilalim ng programang Community Empowerment through Science and Technology ng DOST. Maliban dito, ang DOST 4A ay namahagi rin ng water ceramic filter demonstration para sa mga residente ng Lobo, Batangas.



Gumawa ng Heat Detector


Sa eksperimentong ito, matututunan mo kung paano gumawa ng isang 'heat detector.' Kung ikaw ay mahilig sa mga spy gadget o spy movie, siguradong magugustuhan mo itong eksperimentong ito. Magugulat ka na madali lang pala na gumawa ng sarili mong heat detector.

Sa paggawa ng sariling heat detector, kakailanganin mo ang mga sumusunod:

- Goma
- Kahoy (Sapat na laki para mabangat ang goma)
- Manipis na pako
- Cardboard
- Gunting
- Lighter, kandila o posporo

Paraan ng paggawa:

Sa paggawa ng heat detector, ipapakita rito ang epekto ng init sa iba't ibang uri ng gamit. 15 minuto ang itatagal ng eksperimentong ito. Gumawa ng heat gauge. Kumuha ng cardboard at gupitin sa hugis na arrow.



Ang haba ng arrow ay dapat sing haba ng kahoy. Isuot ang goma sa kahoy. Pagkatapos nito ay kumuha ng manipis na pako at ilagay ito sa gitna ng arrow. Ipuwesto ang pako sa gitna ng isang gilid ng kahoy. Subukan kung gumagana ang heat detector sa pamamagitan ng kandila, posporo o lighter. Sa pagsubok nito, mapapansin na gumagalaw ang arrow sa iba't ibang direksyon. Ngayon ibahin ang posisyon at obserbahan kung saang direksyon naman ito tuturo.

Diskusyon:

Ang eksperimentong ito ay may layunin na maipakita kung paano lumalaki at lumiliit ang isang bagay kapag nainitan. Kapag nainitan ang isang bagay, nagkakaroon ito ng thermal expansion kaya lumalaki ito. Ang paglaki ng isang bagay ay nakadepende sa init nito. Noong pina-initan ang goma, gumalaw ang arrow. Pagkatapos namang baguhin ang pwesto nito, gumalaw din ang arrow ngunit sa ibang direksyon naman ito nakaturo. Ang totoong nangyayari ay lumiliit ang goma kapag ito ay naiinitan at lumalawak naman kapag lumamig na kaya nagbabago ang direksyon ng nito.

Ang eksperimentong ito ay halaw mula sa www.explore.com

LarawaNEWS



Pinangunahan ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo (pang-apat mula kaliwa) kasama ang iba't ibang opisyal mula sa Department of the Environment and Natural Resources Undersecretary Jonas R. Leones (kaliwa), Department of Agriculture Assistant Secretary for Regulations Paz Benavidez II (pangatlo mula kaliwa), Philippine Council for Health Research and Development Executive Director and National Committee on Biosafety of the Philippines (NCBP) Chairman Jaime C. Montoya (kanan) at mga kinatawan ng Department of Health, Department of Trade and Industry, Department of the Interior and Local Government, at Department of Foreign Affairs, sa paglagdang muli sa tinaguriang 'commitment' ng pamahalaan na naglalayong pag-isahin ang mga kaukulang hakbang ng mga ahensiya upang masiguro ang ligtas at responsableng paggamit ng biotechnology sa mga produkto at serbisyo. Ang paglagda ay alinsunod sa pagdiriwang ng ika-25 anibersaryo ng NCBP na ginanap noong Oktubre 27, 2015 sa Chardonnay by Astoria, Lungsod ng Pasig. (Ni Maria Judith L. Sablan, larawan mula kay Gerry Palad, S&T Media Service)